## Ang perang polymer ay **SMARTER**

### Mas secure
Mas mahirap mapeke ang perang polymer dahil sa detalyadong mga imahe at sopistikadong security feature nito.

## Ang perang polymer ay **CLEANER**

### Hindi nagtatagal ang mga virus at bacteria
Mas malinis ang perang polymer dahil sa mas makinis at non-absorptive na materyal nito. Batay sa mga pag-aaral na sinuri ng Department of Health, mas maikli ang buhay ng mga virus kagaya ng COVID-19 at bacteria sa perang polymer kumpara sa perang papel.

## Ang perang polymer ay **STRONGER**

### Mas matibay
Umulan man o umaraw, kayang-kaya 'yan ng perang polymer. Mas tumatagal ang perang polymer kumpara sa perang papel dahil water-, oil-, dirt-, at general wear and tear-resistant ito.

### Mas cost-effective
Dahil tumatagal ang perang polymer ng higit sa 2.5 beses kumpara sa perang papel, mas malaki ang matitipid sa produksyon at distribusyon nito.




# Kahit pera'y **may tupi,** pwede pa rin itong **ipambili**!

BangkoSentralngPilipinas
@BangkoSentral
bsp.gov.ph
@BangkoSentral

Scan the QR code or visit **bit.ly/PolymerPH** to learn more.



Disenyo sa harap: Philippine Eagle (*Pithecophaga jefferyi*) at Sampaguita (*Jasminum sambac*)



Disenyo sa likod: Tubbataha Reefs Natural Park (UNESCO World Heritage Site), South Sea Pearl (*Pinctada maxima*), at T'nalak weave design

## 1 Polymer Substrate




**SALATIN** ang makinis na bahagi ng perang polymer. Ilan sa mga bahagi nito ay transparent.

## 2 Enhanced Value Panel




**IKILING** ang perang polymer mula kaliwa pakanan upang makita ang rolling-bar effect.

## 3 Sampaguita Clear Window



**TINGNAN** ang maliit na transparent window na hugis Sampaguita (*Jasminum sambac*).

**SALATIN** ang transparent at nakaangat na mga linya at ang mga titik na "BSP" sa loob ng bulaklak sa harap ng pera.

## 4 Serial Numbers




**TINGNAN** ang dalawang magkatulad na serial numbers na binubuo ng mga titik at papalaking sukat na mga numero.

## 5 Tactile Dots



**SALATIN** ang limang nakaangat na tuldok na magsisilbing gabay para sa matatanda at mga indibidwal na may kapansanan sa paningin.

## 6 Embossed Prints

**SALATIN** ang nakaangat at magaspang na limbag.


**Harap:** Larawan ng agila ng Pilipinas, "REPUBLIKA NG PILIPINAS," mga pirma, at ang binaybay na halaga ng salapi.




**Likod:** Mapa ng Pilipinas, South Sea Pearl, Tubbataha Reefs Natural Park, disenyo ng habing T'nalak, denominasyon, at binaybay na halaga ng salapi.




## 7 Shadow Thread



**TINGNAN** ang 5-mm na patayong band na matatagpuan sa harap at likod ng perang polymer kapag tiningnan ito sa tapat ng liwanag. Makikita rin dito ang denominasyon at "BSP" text na paulit-ulit.

## 8 Vertical Clear Window




**TINGNAN** sa patayong transparent window ang iba't ibang security features ng perang polymer.

## 9 Metallic Features

**TINGNAN** ang makintab na larawan at simbolo sa patayong clear window.

**IKILING** ang perang polymer upang makita ang pagbabago ng kulay at dynamic na paggalaw nito.



***Dynamic Waves.*** Mistulang umaalon ang linya sa harap ng pera kung ikikiling ang perang polymer sa alinmang direksyon.



***Republic of the Philippines Seal at Mirrored Denomination.*** Pareho itong nagpapakita ng vertical-line effects kung ikikiling ang perang polymer sa alinmang bahagi.





***Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP) Logo at 3D Denomination.*** Sa harap ng perang polymer, makikita ang rainbow effect sa BSP logo at 3D denomination outline kung ikikiling ito sa iba't ibang anggulo. Sa likod ng perang polymer, tanging ang BSP logo lang ang makikita.

## 10 Blue Iridescent Figure



**IKILING at TINGNAN** ang mga hugis na nagpapakita ng iba't ibang shade ng bughaw sa perang polymer kapag tiningnan ito sa iba't ibang anggulo.

## 11 Flying Eagle



**SALATIN** ang transparent at nakaangat na guhit ng lumilipad na agila.

*Portrait of the Philippine Eagle by Mr. Floyd P. Bermejo*